

### English

We acknowledge our responsibility to respect the environment and manage our impacts for the benefit of the communities in which we operate, and we are committed to measuring and managing those impacts and finding innovative ways to reduce them. We will:

- implement sound environmental practices in the design, development and operation of our hotels
- encourage the development and integration of sustainable technologies
- endeavour to reduce our use of energy and water, and re-use and recycle the resources consumed by our business wherever practical
- engage our customers, colleagues, hotel owners, suppliers and contractors in our efforts to protect the environment
- provide the training and resources required to meet our objectives
- monitor, record and benchmark our environmental performance on a regular basis
- make business decisions that take these commitments into account
- communicate our policies, practices and programmes to all our stakeholders.

### Tagalog

Kinikilala namin ang aming pananagutan na pag-ukulan ng galang ang kapaligiran at pangasiwaan ang mga epekto sa kapaligiran para sa benepisyo ng mga pamayanan kung saan kami kumikilos, at kami'y naniniwala sa pagsukat at pangangasiwa ng mga epektong iyon at sa pagtuklas ng makabagong mga paraan kung paano bawasan ang mga ito. Ano ang gagawin namin?

- Magpapairal kami ng tumpak na mga gawing pangkapaligiran sa pagdisenyo, pagpapaunlad at operasyon ng aming mga otel
- Hihimukin namin ang paglikha at pagsasama-sama ng mga sustainable technology
- Magsisikap kaming bawasan ang aming paggamit ng enerhiya at tubig, at muling gamitin at i-recycle ang mga rekursong nagamit ng aming negosyo kung saanman magagawa ito
- Isasali namin ang aming mga kliyente, mga ka-trabaho, mga may-ari ng otel, mga tagatustos at mga kontratista sa pagtanggol ng kapaligiran
- Ihahanda namin ang pagsasanay at mga rekursong kinakailangan upang matamo ang aming mga layunin
- Pirmihan naming susubaybayan, itatala at ihahambing ang aming nagawa para sa kapaligiran sa mabuting mga gawi ng ibang industriya
- Gagawa kami ng mga desisyong pangnegosyo na magsasaalang-alang sa mga kapasiyahang ito
- Ibabalita namin ang mga patakaran, gawi at mga programa sa lahat ng aming mga kasosyo